

PANINIWALA SA MGA ANGHEL

Marka:

Deskripsyon: Isang aralin sa pananaw ng Islam tungkol sa paniniwala sa mga anghel, ang kanilang pag-iral, mga katangian, mga gawain, bilang, mga pangalan at kakayahan.

Kategorya: [Mga Aral](#) › [Mga Islamikong Paniniwala](#) › [Mga Haligi ng Paniniwala](#)

Ni: Imam Kamil Mufti

Nai-publish sa: 29 Mar 2018

Huling binago sa: 11 Apr 2018

Mga Kinakailangan

- Pambungad sa Halihi ng Islam at Saligan ng Pananampalataya (2 bahagi).

Mga Layunin

- Upang maunawaan ang kahulugan ng paniniwala sa mga anghel.
- Upang sanayin ang sarili sa tunay na katotohanan ng mga anghel tulad ng inilarawan sa Islam.
- Upang malaman ang tungkol sa bilang, mga pangalan, kakayahan at tungkulin ng mga anghel.
- Upang pahalagahan na ang paniniwala sa mga anghel ay hindi nangangahulugan na ang Allah ay nangangailangan ng Kanyang nilikha.

Terminong Arabik

- Imaan* - pananampalataya, paniniwala o pananalig.
- Kabah* - Ang kuwadrang-hugis na istraktura na matatagpuan sa lungsod ng Mecca. Nagsisilbi itong isang focal point (direksyon) kung saan humaharap ang lahat ng mga Muslim kapag nananalangin.

Ang paniniwala sa mga anghel ay isa sa anim na haligi ng paniniwala o *Imaan* sa Islam. Nangangahulugan ito na:

- paniniwala sa realidad ng mga anghel
- ang mga pangalan na itinalaga sa mga anghel
- ang mga tungkulin at kakayahan ng mga anghel sa langit at sa lupa.

Katotohanan sa mga Anghel

Ang mga anghel ay hindi 'magandang pwersa ng kalikasan', mga hologram na larawan, o mga ilusyon. O tulad ng isang mataba at mala-kerubin na sanggol na may nakalutang na bilog sa ulunan nito na madalas inilalarawan sa mga guhit ng Kristiyano. Sila ay totoo, nilikha ngunit lingid sa ating mga pandama. Wala silang mga katangiang banal at hindi katuwang ng Diyos sa pagpapatakbo ng iba't ibang mga distrito ng uniberso. Gayundin, hindi sila nararapat sambahin o dalanginan sapagkat wala silang kakayahang mamagitan para sa ating mga kahilingan, ni hindi nila maihahatid ang ating mga panalangin sa Diyos. Lahat sila ay nagpapasakop sa Diyos at isinasagawa ang Kanyang mga utos. Walang mga ligaw na anghel; sila ay hindi nahahati sa mga 'mabuti' at 'masasamang' anghel. Hindi nagiging anghel ang mga tao pagkatapos ng kamatayan.

Ang mga anghel ay nilikha mula sa liwanag bago pa likhain ang mga tao. Ang mga anghel ay magagandang nilalang na may mga pakpak tulad ng inilarawan sa Quran.

Ang mga anghel ay bumubuo ng iba't ibang mga hiyarkiya at hanay na may iba't ibang laki, katayuan, at katangian. Ang pinakamainam ay ang mga naroroon sa digmaan ng Badr na nakipaglaban sa pagitan ng Propeta at ng mga pagano ng Mecca. Lubha silang malalaki. Si Gabriel ang pinakadakila sa kanila. Nakita siya ng ating Propeta sa kanyang orihinal na anyo. Mayroon siyang anim na daang pakpak na hanggang abot-tanaw. Ang mga hiyas, perlas, at mga rubi ay nahuhulog mula sa kanyang mga pakpak, sa anyo na tanging ang Allah lamang ang nakakaalam. kabilang din sa mga pinakadakilang anghel ay ang mga tagapaglingkod ng Trono ng Diyos. Gustung-gusto nila ang mga mananampalataya at nagsumamo sila sa Allah na patawarin sila sa kanilang mga kasalanan. Dala nila ang Trono ng Allah, kung saan sinabi ng Propeta:

***"Pinahintulutan akong magsalita tungkol sa isa sa mga anghel ng Allah na nagdadala ng Trono. Ang distansya sa pagitan ng kanyang tainga at ng kanyang balikat ay katumbas ng pitong daang taon na paglalakbay."* (Abu Daud)**

Hindi sila kumakain o umiinom. Nang maghain si Abraham ng isang guya sa harap ng mga dumadalaw na anghel na nagdala sa kanya ng mabuting balita ng isang anak na lalaki, tumanggi silang kumain:

"Sinabi niya, 'Hindi ba kayo kakain?' (at nang sila ay hindi kumain), siya ay nakadama ng pagkatakot sa kanila. Sinabi nila: 'Huwag kang matakot,' at binigyan nila siya ng masayang balita ng isang anak na pinagkalooban ng kaalaman." (Qur'an 51: 26-28)

Ang mga anghel ay hindi naiinip o napapagod sa pag-alala at pagsamba sa Allah:

"Niluluwalhati [Siya] araw at gabi [at] hindi sila napapagod o nagsasawa." (Quran 21:20)

Ilan ang Bilang ng mga Anghel

Ilan ang mga anghel? Tanging ang Allah lamang ang nakakaalam. Ang *Al-Bayt al-Ma'moor* ay isang sagradong bahay sa kalangitan sa ibabaw ng *Kabah*, ang itim na kuwadrang banal na tahanan sa Mecca. Pitumpong libong mga anghel ang araw-araw bumibisita dito at umaalis, na hindi na bumabalik pang muli, habang ang isa pang grupo ay darating pagkatapos nila.^[1]

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi:

“Ang impiyerno ay dadalhin sa araw na iyon sa pamamagitan ng pitumpong libong lubid, na ang bawat isa ay hinihila ng pitumpong libong anghel.” (Saheeh Muslim)

Ang Pangalan ng mga Anghel

Kinakailangan nating paniwalaan ang mga pangalan ng mga anghel na nabanggit sa Quran at Sunnah. Kabilang dito ay sina:

Gabriel (*Jibreel* sa Arabik), Michael (*Mikaa'eel*), *Israfeel*, *Malik* - ang tagapangalaga ng impiyerno, *Munkar* at *Nakeer*, at *Haarut* at *Maarut* at iba pa.

Ang mga pangalang Raphael at Azra'eel ay hindi nakalagay sa mga teksto ng Islam. Sa nasa itaas, tanging sina Gabriel at Michael lamang ang nabanggit sa Bibliya.

Mga Kakayahan bilang Anghel

Ang mga anghel ay may mga dakilang kapangyarihan na ibinigay sa kanila ng Allah.

Sila ay may kakayahang magpalit ng anyo maliban sa kanilang sarili. Habang ipinaglilahi si Hesus, ipinadala ng Allah si Gabriel kay Maria sa anyo ng isang tao, gaya ng sinabi ng Allah sa Qur'an:

“...pagkatapos ay ipinadala namin sa kanya ang Aming Anghel, at siya ay nagpakita sa kanya sa anyong tao na kapita-pitagan sa kanyang paningin.” (Quran 19:17)

Ang mga anghel ay dumating din kay Abraham sa anyo ng tao, at hindi niya alam na sila ay mga anghel hanggang sa sinabi nila sa kanya. Katulad din, ang mga anghel ay dumating kay Lot upang iligtas siya mula sa panganib sa anyo ng mga kabataang lalaki na may magagandang mukha. Si Gabriel ay ginamit upang makarating kay Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah, sa iba't ibang anyo. Minsan ay lilitaw siya sa anyo ng isa sa kanyang mga guwapo na disipulo, at kung minsan ay sa anyo ng isang Bedouin.

Ang mga anghel ay may kakayahang gumaya ng mga anyo ng tao na sa ilang pagkakataon ay nagpakita sa mga karaniwang tao, katulad ng isang nagpakita sa isang lalaki na pumatay ng isang daang tao at sa mga dumating sa bulag, sa kalbo at sa ketongin.

Ang pinakamatulin sa lahat na kinikilala ng tao ngayon ay ang bilis ng liwanag; ang mga anghel ay may kakayahang maglakbay nang mas mabilis kaysa dito. Hindi pa natatapos magsalita ang isang nagtatanong sa Propeta, ngunit si Gabriel ay may daladala nang sagot mula kay Allah.

Si Gabriel ay mensahero ng Diyos sa sangkatauhan. Inihahatid niya ang kapahayagan mula kay Allah sa Kanyang mga Sugo. Ang sabi ng Allah:

“Sabihin, 'Sinuman ang kalaban ni Gabriel - Siya [walang pagaalilnlangan] ang nagdala ng Qur'an sa iyong puso, [O Muhammad], sa pamamagitan ng pahintulot ng Allah, na nagpapatotoo sa nauna bilang patnubay at mabuting balita para sa mga mananampalataya. .” (Quran 2:97)

Ang mga Tungkulin ng Anghel

Ang ilan sa mga anghel ay pinangangasiwaan ang pagpapatupad ng kautusan ng Diyos sa pisikal na mundo. Si *Michael* ay may pananagutan para sa pag-ulan, na nagdadala nito kung saan naisin ng Allah. Mayroon siyang mga katulong, na ginagawa ang anuman sa sinasabi sa kanila, sa pamamagitan ng utos ng kanyang Panginoon; pinapatnubayan nila ang mga hangin at ulap, saan man loobin ng Allah. Mayroon pa na responsable sa paghip ng Trumpeta, na siyang hihipan ni *Israafeel* sa pagsapit ng Araw ng Paghuhukom. Ang iba ay may pananagutan sa pagkuha ng kaluluwa mula sa katawan sa oras ng kamatayan: ito ang Anghel ng Kamatayan at ang kanyang mga katulong. Ang Allah ay nagsabi:

“Sabihin: 'Ang Anghel ng Kamatayan na namamahala sa inyo, ay (kukunin) ang inyong mga kaluluwa, kung magkagayon ay dadalhin ka pabalik sa iyong Panginoon.’” (Quran 32:11)

May mga personal na anghel na tagapag-alaga, na responsable sa pagprotekta sa mananampalataya sa buong buhay niya, kapag siya ay nasa bahay o nasa paglalakbay, kapag siya ay natutulog o gising. Ang mga ito ay ang "mga anghel na magkakahalili" na sinasabi ng Allah:

“Sa bawat (tao), may mga anghel na nagsasalit-salitanan, sa harap at sa likod niya. Iniingatan nila siya sa pamamagitan ng utos ng Allah.” (Quran 13:11)

Ang iba ay may pananagutan sa pagtatala ng mga gawa ng tao, mabuti at masama. Ito ang mga "marangal na mga tagapagtala" (*kiraaman kaatibeen*).

Sina *Munkar* at *Nakeer* ay responsible para subukin ang mga tao sa libingan.

Kabilang sa mga ito ang tagapag-ingat ng Paraiso at ang labinsiyam na 'bantay' ng Impiyerno na ang pinuno ay si '*Malik*.'

Mayroon ding mga anghel na responsable para sa paghinga ng kaluluwa sa sanggol at pagsulat ng mga probisyon nito, haba ng buhay, mga pagkilos, at kung ito ay magiging kaawa-awa o masaya.

Ang ilang mga anghel ay gumagala, naglalakbay sa buong mundo sa paghahanap ng mga umpukan kung saan inaala ang Diyos. Mayroon ding mga anghel na bumubuo sa makalangit na hukbo ng Diyos, na nakahanay sa mga hilera, na hindi kailanman napapagod o umuupo, at ibang mga yumuyuko o nagpapatirapa, at hindi kailanman nagtaas ng kanilang mga ulo, na laging sumasamba sa Allah.

Ating natutunan mula sa itaas, na ang mga anghel ay marangal na likha ng Diyos, magkakaiba sa bilang, mga tungkulin, at mga kakayahan. Ang Diyos ay hindi nangangailangan ng mga nilalang na ito, bagkus ang pagkakaroon ng kaalaman at paniniwala sa kanila ay nagdaragdag sa pagkamangha na nararamdaman ng isang tao sa Diyos, na nalilikha Niya anuman ang nais Niya, katunayan na ang kadakilaan ng Kanyang nilikha ay isang katibayan ng kadakilaan ng Tagapaglikha.

Talababa:

[1]

Saheeh Al-Bukhari

Ang web address ng artikulong ito:

<https://www.newmuslims.com/tl/articles/3/paniniwala-sa-mga-anghel>

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.